4

# Modelong Banghay Aralin sa EPP

Kuwarter 4

Aralin 7



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa EPP 4**
**Kuwarter 4: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Mga Manunulat:**
- Raymond T. Morales (Bitik Elementary School)
- Erron John F. Castro (Central Luzon State University)

**Tagasuri:**
- PNU Development Team
- Regidor G. Gaboy (Central Luzon State University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**EPP / KWARTER 4 / BAITANG 4 (LINGGO 7)**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pang-unawa sa pagre-*recycle* at pagtutuos ng nabuong proyekto. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Ang mga mag-aaral ay nakagagawa ng proyekto mula sa *recyclable materials* na maaring pagkakitaan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>1. Nakagagawa ng plano ng proyekto<br>2. Nakabubuo ng *recycled project/s* nang may pag-iingat |
| **D. Nilalaman** | Pagbuo ng malikhaing proyekto mula sa recyclable materials<br>• Hakbang sa pagkalap ng mga materyales<br>• Paghahanda ng mga kasangkapan<br>• Hakbang sa pagbuo ng proyekto |
| **E. Integrasyon** | • **SDG 8** – Decent Work and Economic Growth |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Anastacio, Luzviminda G. et al. 2002. Sanayang Aklat sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5. Quezon City,Philippines: Cultural Publisher.

Eustaquio, O. S. (1). *Tungo sa Maunlad na Pamumuhay*. ABIVA, Publishing House Inc.

Pallo, G. (n.d.). *EPP 5 Q4 WEEK 1 LESSON 2 Paggawa ng Proyekto na Gawa sa Kahoy, Metal, Kawayan at iba pang Materyales na Makikita sa Kumunidad.* Scribd. https://www.scribd.com/presentation/646265732/EPP-5-Q4-WEEK-1-LESSON-2-Paggawa-ng-Proyekto-na-Gawa-sa-Kahoy-Metal-Kawayan-at-iba-pang-Materyales-na-Makikita-sa-Kumunidad

Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas. 1992. Umunlad sa Paggawa Batayang Aklat sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan para sa Ikalimang Baitang. Quezon City: Instructional Materials Corporation Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports.

Peralta, Gloria A., EdD et al. 2016. Kalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran 5 Batayang Aklat. Quezon City,Philippines: Vibal Group, Inc.

Rosalyn S. Manlangit, Briscene Jane O. Palima , Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4, Modyul 7 – 8, SDO-Valenzuela, pp. 31-39.Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 5 Learner’s Manual. Department of Education. First Edition 2016

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Mga gabay na tanong:<br>• Ano ang pagrerecycle?<br>• Bakit mahalaga ang pagre-recycle?<br>• Magbigay ng mga recycled materials na maaring gamitin sa paggawa ng produkto<br>• Magbigay ng mga kasangkapan na kinakailangan sa pagbuo ng proyekto<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | Maglaan lamang ng sapat na oras sa bahaging ito upang higit na mapagtuunan ng oras ang pinakamahalagang bahagi ng aralin (Pagbuo ng plano ng proyekto at pagbuo ng proyekto) |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Ang pagbuo ng produkto mula sa recyclable materials ay may maraming kahalagahan para sa kapaligiran, ekonomiya, at lipunan.<br><br>Sa pamamagitan ng paggamit ng recyclable materials sa paggawa ng mga bagong produkto, nababawasan ang dami ng basura na napupunta sa mga landfill at incinerator, na tumutulong sa pag-iwas sa polusyon ng lupa at tubig.<br><br>Ang paggamit ng recycled materials ay nakakatulong sa pagpapanatili ng mga likas na yaman tulad ng mga puno, mineral, at tubig dahil hindi na kailangan kumuha ng bagong materyales.<br><br>Ang pagbuo ng produkto mula sa recyclable materials ay mahalaga sa pagtataguyod ng isang sustainable na ekonomiya at lipunan. Ito ay nakakatulong sa pangangalaga sa kalikasan, paglikha ng mga trabaho, pagtitipid ng enerhiya, at pagbawas ng polusyon. Sa pamamagitan ng pagtaguyod ng mga praktika ng pagrerecycle at paggamit ng recycled materials, maaari tayong mag-ambag sa pagbuo ng isang mas malinis, mas ligtas, at mas matatag na mundo para sa mga susunod na henerasyon.<br><br>Sa araling ito, kayo ay matututo sa paggawa ng plano at pagbuo ng recycled na produkto | Ipasuri sa mga bata ang nakikita nila sa larawan. Hayaan silang magbigay ng kanilang ideya o opinion sa larawan. Maaari ding maghanap ng *video* tungkol sa pagrerecyle. |

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Pamantayan: Alamin natin ang kahulugan ng mga sumusunod na salita upang mas lalo nating maunawaan ang aralin ngayong araw.

- **Plano-** Isang detalyadong paghahanda para sa mga bagay na gustong mangyari o maganap
- **Proyekto**- Isang gawain o trabaho na gustong isakatuparan
- **Produkto**- Ito ang nalikha na resulta ng paggawa mula sa mga materyales.
- **Recycle**- Ang pagrerecycle ay isang ang proseso ng pagkolekta, pagproseso, at muling paggamit ng mga materyales mula sa mga itinapon na produkto upang makalikha ng mga bagong produkto.

Ibigay ang mga susing salita upang maging gabay ng mga mag-aaral sa kabuuan ng aralin.


Maaaring ding ipahayag ang mga salitang ito sa pamamagitan ng aktibidad na magpapakita ng kasalukuyang kaalaman ng mga estudyante.

**C. Paglinang at Pagpapalalim**


**Kaugnay na Paksa: Pagbuo ng malikhaing proyekto mula sa recyclable materials**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Anong mga produkto kaya ang maaring malikha mula sa mga recycabled materials na nasa larawan.







| Diyaryo | Babasaging bote | *Plastic* na bote | Lata | Kahon o karton |
|---|---|---|---|---|

Sa pamamagitan ng paggamit ng recyclable materials sa paggawa ng mga bagong produkto, nababawasan ang dami ng basura na napupunta sa mga kanal, ilog, dagat at tambakan ng basura na nakakatulong sa pag-iwas sa polusyon ng hangin, lupa at tubig.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**A. Hakbang sa Pagkalap ng mga Materyales**

Ang mga sumusunod ay mga hakbang na kinakailangang gawin upang mabilis na makapagkalap ng mga recycalbe materials.

Palawakin ang imahinasyon ng mga mag-aaral sa bahaging ito dahil maari silang makakuha ng ideya sa kanilang gagawing proyekto.

Maaring palitan ang mga ipinakitang recycabled products na nasa larawan at ilagay ang mga materyal na madalas makita sa inyong lugar.

| | | |
|---|---|---|
| | **1. Pangungulekta**<br>Ang mga kinakailangang materyales ay maaring makalap sa mga sumusunod na lugar:<br>• Loob ng bahay<br>• Sa kapitbahay<br>• Sa daan/paligid<br>• Sa basurahan<br><br>**2. Pagsesegregate**<br>Ang hakbang na ito ay pagpili ng mga nakolektang recycable materials na nasa maayos na kondisyon o maari pang gamitin.<br><br>**3. Paglilinis**<br>Ang mga napiling recycable materials ay lilinisin o huhugasan upang maayus at malinis itong magamit sa isang proyekto.<br><br>**B. Paghahanda ng mga Kasangkapan**<br>1. Tukuyin ang mga kasangkapang kakailanganin<br>2. Suriin ang mga kasangkapan kung ligtas pa silang gamitin<br>3. Subukan ang mga kasangkapan kung maayos pa silang magagamit.<br><br>**C. Hakbang sa Pagbuo ng Proyekto**<br><br>1. **Pangalan ng Proyekto**<br>Isinasaad dito ang pangalan ng proyektong gagawin. Halimbawa, “Parol na yari sa Plastic Bottle”, Alkansya na yari sa lata”, at iba pa.<br><br>2. **Layunin sa Paggawa**<br>Isinasaad dito ang mga dahilang kung bakit gagawin ang isang proyekto. Halimbawa, “Upang makagawa ng Parol mula sa mga plastic bottles na nakakalat sa kapaligiran”<br><br>3. **Mga Materyales na Gagamitin** | Upang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral, maaring maglagay ng mga larawan na nagpapakita ng hakbang sa pagkalap ng mga materyales. |

| | | |
|---|---|---|
| | Ito ay mga kakailanganing materyales upang magawa ang proyekto. Ang mga halimbawa nito ay mga recycled platic bottles, lata, karto, bote, at iba pa.<br><br>4. **Mga Kasangkapang Gagamitin**<br>Ito ay mga kasangkapang gagamitin upang mapabilis ang paggawa ng proyekto. Ang mga halimbawa nito ay gunting, ruler, cutter, at iba pa.<br><br>5. **Guhit o Krokis ng Proyekto**<br>Sa bahaging ito iguguhit ang kabuuang larawan ng proyekto. Ito ang magiging modelo habang ginagawa ang proyekto. Dito rin nakalagay ang mga sukat at iba pang detalye na makatutulong sa paggawa ng proyekto.<br><br>6. **Pamamaraan sa Paggawa**<br>Dito nakatala ng sunod-sunod na hakbang sa paggawa ng proyekto mula mula sa una hanggang sa matapos ito.<br><br>**Halimbawa ng isang Plano ng Proyekto:**<br>**I. Pangalan ng Proyekto:** <u>Alkansyang Lata</u><br>**II. Layunin:**<br>1. Nakagagawa ng alkansyang na gawa sa recycled lata.<br>2. Nakagagamit ng tamang kagamitan sa paggawa ng alkansyang lata.<br>3. Nasusunod ang tamang hakbang sa paggawa ng proyekto.<br><br>**III. Krokis ng Proyekto:**<br><br> | |

**IV. Mga Materyales na Gagamitin**

- Recaled na lata
- Papel
- Pangkulay
- Gunting


**V. Kasangkapang Gagamitin**

1. Gunting
2. Cutter

**VI. Mga Hakbang sa Pagbuo ng Proyekto**

1. Hugasan ang lata na gagamitin. Sabuning mabuti ang labas.
2. Lagyan ng butas sa itaas o ibabaw ng lata kung saan kasya ang baryang limang piso at sampung piso.
3. Hugasan din ang loob nito sa pamamagitan ng paglagay ng butas sa itaas na bahagi ng lata.
4. Patuyuin ang lata.
5. Pahiran ng pandikit ang palibot ng lata, idikit ang puting papel. patuyin at gupitin ang sobrang puting papel at patuyuin.
6. Lagyan ng disenyong nais ninyong gawin.
7. Ilagay sa isang tabi o lugar na hindi masisira.

Mga hakbang sa pagbuo ng proyekto gamit ang larawan




Masmagiging interesado ang mga mag-aaral kung maipapakita ng aktuwal ang produktong Alkansyang Lata

| | | |
|---|---|---|
| | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Pagbuo ng *recycled project*<br>Gamitin ang nakatakdang worksheet para sa bahaging ito.<br><br>Panuto:<br>• Mag-isip ng recyclable materials na madalas makita sa loob ng paaralan.<br>• Magisip ng produkto na maaring magawa mula sa nakalap niyong recable materials. Maaaring magsaliksik sa *internet* upang magkaroon ng ideya sa gagawing plano ng proyekto<br>• Pumili ng proyektong kaya ninyong matapus sa loob ng 40 minuto.<br>• Gumawa ng plano ng proyektong napili. Gamitin ang susunod na pahina sa paggawa ng plano<br>• Paghatian ang mga dapat gawin upang mabilis na matapos ang proyekto<br><br>I. Pangalan ng Proyekto: ______________________________<br>II. Layunin:<br>a. ______________________________________________<br>b. ______________________________________________<br><br>III. Materyales at Kagamitan<br><br>IV. Mga Kasangkapang Gagamitin | Paalalahanan ang bawat grupo na mag-isip ng proyekto na kaya nilang tapusin sa loob ng 40 minuto. Titiyakin rin na ang mga materyales na kinakailangan ay sapat. |

| | | |
|---|---|---|
| | V. Guhit o Krokis ng Proyekto<br><br>VI. Pamamaraan sa Paggawa<br>1.<br>2.<br>3.<br>4. | Paalalahanan nag mga mag-aaral na bawal bumili ng mga materyales na gagamitin. |
| **D. Paglalahat** | **IKATLO HANGGANG IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Tanong-Tugon:** Sagutan ang mga sumusunod na tanong.<br>1. Ano-ano ang mga hakbang sa pagkalap ng mga materyales<br>2. Ibigay ang mga kaparaanan sa paghahanda ng mga kasangkapan | |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Ano-ano ang mga hakbang sa pagbuo ng proyekto<br>4. Magbigay ng detalye tungkol sa produktong nais gawin mula sa recycled materials.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Lingguhang *Reflection Log***: Sagutin ang Ligguhang *Reflection Log*<br> | Ibigay ang lingguhang *reflection log* para malaman ang makabuluhang gawain, kasanayang natutunan, kani-kaniyang pangsariling repleksyon ng mga mag-aaral. Maisasagawa ito ng mga mag-aaral ng ilang minuto lamang. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Gawain: Aktwal na Pagbuo ng *recycled project*<br>Panuto:<br>• Gawin ang proyektong napagkasunduan gamit ang nabuong plano ng proyekto mula sa inyong Worksheet.<br>• Hatiin ang bawat trabaho upang mapabilis ang paggawa ng inyong proyekto.<br>• Maging maingat sa pagbuo ng inyong proyekto, upang maiwasan ang ano mang disgrasya.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyonal)** | | | Bantayan at gabayan ang mga mag-aaral habang binubuo nila ang kanilang proyekto.<br><br>Ipaalala ang pagiingat lalo na sa paggamit ng mga matatalim na kasangkapan. |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.<br><br>Maaaring bigyan ng gabay ang guro sa kung anong bahagi o aspeto ng aralin ang bibigyang pansin para sa mga tala. |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ *<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>*<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ *<u>Mag-aaral</u>*<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ *<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>*<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |